





# Mahalagang mga Pagbabagong Darating sa Medi-Cal sa Disyembre 2020 para sa Maraming Edad 65 o Mas Matanda at mga Taong May mga Kapansanan

Simula sa Disyembre 1, 2020, ang Medi-Cal ay mayroong mas mataas na limit ng kita para sa mga taong nasa “Aged & Disabled” na Medi-Cal Program. Nangangahulugan ito na maaari mong makuha o panatilihing libre ang Medi-Cal kapag kumita ka ng mas maraming pera. Narito ang luma at bagong mga limit ng kita:

Laki ng Sambahayan	Dating Buwanang Limit ng Kita	Limit sa Disyembre 1,2020	Diperensya
1	\$1,294	\$1,468	\$174 
2	\$1,747	\$1,983	\$236 

## Paano ito Makaaapekto sa Akin?

Kung mayroon kang share of cost na \$848 o mas mababa (o \$1,030 o mas mababa para sa mga mag-asawa), dapat kang maging karapat-dapat para sa lib्रेng Medi-Cal sa Disyembre. Dapat kang awtomatikong malipat sa lib्रेng Medi-Cal, ngunit kung hindi mangyayari iyon kontakin ang iyong county o kontakin ang iyong lokal na Health Consumer Center gamit ang numero sa ibaba.

Ang bagong buwanang limit ng kita ay basehan lang ng kita. Tataas ito nang bahagya tuwing Abril. Maaari mo pa ring ibawas ang ilang uri ng kita at mga bagay

tulad ng mga premium ng health insurance at bahagi ng iyong kita sa trabaho.

### **Bagong Pagpapasimple ng mga Tuntunin:**

At saka umpisa sa Disyembre, kung lilipat ka at lalabas sa libreng Medi-Cal batay sa kung babayaran ng estado o babayaran mo ang premium ng iyong Part B ng Medicare, mapapanatili mo ang libreng Medi-Cal. Aalisin ng estado ang nakalilitong tuntunin na ito na kinakalkula ang kita nang magkaiba batay sa kung ikaw man o estado ang magbabayad sa premium.

Tawagan ang isang **Health Consumer Center** sa anumang oras sa **1-888-804-3536** kung mayroon ka pang mga katanungan o kailangan ng tulong. Maaari ka rin pumunta sa **[www.healthconsumer.org](http://www.healthconsumer.org)**.